# Nagsabi si Allah-pagkataas-taas Niya: Inihanda ko sa matutuwid kong alipin ang hindi kailanman nakita ng mata,at hindi kailanman narinig ng tainga,at ni hindi kailanman dumaan sa puso ng tao.At basahin ninyo kung gustuhin ninyo ang : { At walang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang kaginhawahan ng mga mata na inilingid sa kanila,bilang gantimpala sa [mabubuti] nilang ginagawa}

Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-siya ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Nagsabi si Allah-pagkataas-taas Niya: Inihanda ko sa matutuwid kong alipin ang hindi kailanman nakita ng mata,at hindi kailanman narinig ng tainga,at ni hindi kailanman dumaan sa puso ng tao.At basahin ninyo kung gustuhin ninyo ang : { At walang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang kaginhawahan ng mga mata na inilingid sa kanila,bilang gantimpala sa [mabubuti] nilang ginagawa} [Assajdah:17], Ayon kay Sahl bin Sa`ad-malugdo si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Nasaksihan ko mula sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang isang pagpupulong inilarawan niya rito ang paraiso hanggang sa siya ay natapos, pagkatapos ay nagsabi siya sa huling pagsasalita niya ng: ((Napapaloob rito ang hindi kailanman nakita ng mata,at hindi kailanman narinig ng tainga,at ni hindi kailanman dumaan sa puso ng tao)) Pagkatapos ay binasa niya ang: {Iniiwan nila ang kanilang mga higaan [dahil sa pag-aalay ng pagdarasal sa hatinggabi o madaling araw] hanggang sa sinabi Niya-pagkataas-taas Niya: {At walang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang kaginhawahan ng mga mata na inilingid sa kanila} [Assajdah:17]

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang kahulugan ng hadith: Inihanda ni Allah-pagkataas-taas Niya para sa mga lingkod niya matutuwid: at sila ang yaong isinasagawa nila ang mga ipinag-utos at nangingilag sa mga ipinagbawal: " Ang hindi kailanman nakita ng mata" mula sa mga palamuti at kagandahan nitong nakamamangha " at hindi kailanman narinig ng tainga" mula sa anumang tinig naririnig at kamangha-manghang paglalarawan, at ibinuod niya ang paningin at ang pandinig sa pagbanggit,dahil ang dalawang ito ay higit na nakakakilala mula sa mga pakiramdam, at ang pagkilala [sa anumang bagay] ginagamitan ng pagtikim at pang-amoy,Samantalang ang paghawak ay ang pinakamaliit doon, " At ni hindi dumaan sa puso ng tao" Ibig sabihin ay: ang lahat ng bagay na inihanda para sa kanila sa Paraiso, mula sa mga biyaya at pananatili

ay hindi dumadaan sa isip nila maliban sa mga napag-aalaman nila at lumalapit sa imahinasyon nila mula sa mga bagay na napag-alaman nila,[samantalang] ang biyaya sa loob ng Paraiso ay higit na mataas doon,. At ang mga ito ay kabilang sa pagpaparangal ni Allah para sa kanila dahil sa pagsasagawa nila sa mga ipinag-utos ni Allah at pangingilag nila sa mga ipinagbabawal Niya,at pagtiis nila sa mga kahirapan para sa landas ni Allah,kaya`t ang gantimpala ay batay sa gawain; " At basahin ninyo kung gustuhin ninyo" At sa isang salaysay : " Pagkatapos ay binasa niya ang talatang ito : { At walang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang kaginhawahan ng mga mata na inilingid sa kanila,bilang gantimpala sa [mabubuti] nilang ginagawa} [Assajdah:17] At ang kahulugan ng sinabi Niyang: ( At walang kaluluwang nakakaalam) sumasaklaw ito sa lahat ng kaluluwa ng likha,dahil ito ay kalahatan sa kontekstong pagtanggi;Ibig sabihin ay: Walang nakakaalam sa sinuman ( kung ano ang kaginhawahan ng mga mata na inilingid sa kanila) mula sa maraming kabutihan at labis na biyaya,kasiyahan at kaligayahan.at kagalakan at katuwaan,At dahil sa sila ay nagdasal sa hatinggabi at nanalangin at inilingid nila ang [mabuting] gawain,Ginantimpalaan sila batay sa gawain nila,at inilingid Niya [Allah] ang gantimpala nila,at dahil rito ay sinabi Niyang:{bilang gantimpala sa [mabubuti] nilang ginagawa}

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10404